**Alameda County Health Care Services Agency** Colleen Chawla, Direktor
**(Ahensya ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng County ng Alameda)**
**Public Health Department** Kimi Watkins-Tartt, Direktor
**(Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan)**
www.acphd.org Nicholas Moss, MD, Pansamantalang Opisyal sa Kalusugan
Public Health Department: Pangunahing Linya ng Telepono (510) 267-8000
Impormasyon sa COVID-19: (510) 268-2101

# Mensaheng Tumutugon sa mga Krimeng Hate Crime sa mga Asyano

Bilang resulta ng pandemyang COVID-19, nagkaroon ng kitang-kitang paglala ng stigma at mga hate crime laban sa mga komunidad ng Asyano at Asyano-Amerikano sa County ng Alameda at buong bansa. Kabilang sa stigma ang pangkalahatang diskriminasyon laban sa isang grupo ng mga tao batay sa hindi tamang impormasyon, mga stereotype, o maling kaalaman. Ang isang hate crime ay isang aktong kriminal na tinangka o ginawa dahil ang biktima ay inisip na miyembro ng partikular na grupo, kabilang ang lahi, etnisidad, nasyonalidad, kasarian, relihiyon, sekswal na oryentasyon o kapansanan. Kabilang sa mga naturang krimen ang pisikal na pag-atake, nananakot na mga tawag sa telepono, at bandalismo sa personal na ari-arian. Ang mga hate crime ay mapaparusahan ng hanggang isang taon sa kulungan sa county at ang mga pagkakasalang nauugnay sa hate crime ay maaaring magpalaki sa sentensiyang iyon.

Ang Health Care Services Agency ng County ng Alameda ay tutol sa lahat ng anyo ng hate (poot) at diskriminasyon. Sa pagbangon sa pandemyang ito, tayong lahat ay dapat gawin ang ating bahagi upang matutunan ang mga katotohanan tungkol sa COVID-19 upang protektahan ang ating mga sarili at ang ating komunidad sa kabuuan. Mangyaring samahan kami sa paglaban sa diskriminasyon at hate crime na nakadirekte sa ating mga kapitbahay na Asyano at Asyano-Amerikano.

Mangyaring tandaan:
Walang indibidwal o grupo ng mga tao ang mas malamang na mahahawaan o makakapagkalat ng COVID-19 kaysa sa iba.
Ang pinakamabuting paraan upang maiwasan ang mahawaan ng sakit ay:

- Manatiling nakalayo ng hindi bababa sa anim na talampakan mula sa sinumang hindi nakatira sa iyong tahanan.
- Magsuot ng telang pantakip sa mukha kapag nasa publiko.
- Hugasan ang iyong mga kamay nang madalas ng hindi bababa sa 20 segundo
- Linisin at i-disinfect ang mga ibabaw na madalas na nahahawakan (gaya ng mga hawakan ng pinto, cell phone, atbp.)

Ang iba pang mga rekomendasyon para sa pag-iwas sa sakit ay maaaring matagpuan dito:
http://www.acphd.org/media/591432/covid-19-prevention-tips-qa.pdf

Kung ikaw ay naging biktima ng hate crime, ang hate crime hotline ng County ng Alameda ay maaaring matawagan sa 510-208-4824, na may mga mensaheng mapapakinggan sa Ingles, Espanyol, Farsi, Mandarin, Cantonese at Tagalog.